Tinanong ko si Ibnu `Abbas tungkol sa [hajj] tammattu` at ipinag-utos niya sa akin na isagawa iyon. Tinanong ko siya tungkol sa hady at sinabi niya: Mayroon itong kamelyo, o baka, o tupa, o kahati sa alay. Nagsabi siya: Ang mga tao noon ay nasusuklam dito

Ayon kay Abu Jamrah -- Nasr bin `Imran Ad-Duba`iy -- na nagsabi: Tinanong ko si Ibnu `Abbas tungkol sa [hajj] tammattu` at ipinag-utos niya sa akin na isagawa iyon. Tinanong ko siya tungkol sa hady at sinabi niya: Mayroon itong kamelyo, o baka, o tupa, o kahati sa alay. Nagsabi siya: Ang mga tao noon ay nasusuklam dito kaya natulog ako. Nakita ko sa panaginip na para bang may isang tao na nananawagan: Hajji na tanggap at sarap na pabago-bago. Kaya pinuntahan ko si Ibnu `Abbas at kinausap ko siya. Sinabi niya: "Ang pinakamalaki sa Sunnah ng Propeta -- pagpalain nawa siya ni Allah at pangalagaan."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Tinanong ni Abu Jamrah si Ibn `Abbas-malugod si Allah sa kanilang dalawa-tungkol sa Tamattu` sa Hajj,at ipinag-utos niya sa kanya na isagawa iyon,pagkatapos ay nagtanong siya tungkol sa Hady,na nakasama kasama sa talatang ito sa pagsabi Niya Pagkataas-taas Niya: {Sinuman ang magsasagawa ng Hajj Attamattu` bilang pagpapatuloy} ng Umrah hanggang Hajj sa buwan ng Hajj,siya ay nararapat na mag-alay ng Hady ayon sa kanyang kakayahan} Sinabi niya sa kanya na ito ay Kamelyo at ito ang pinakamainam,pagkatapos ay ang Baka,pagkatapos ay ang Tupa,o di kayay pitong iaalay o isang Baka,ibig sabihin ay;Ang paghahati kasama ang sinumang maghahati sa kaniang dalawa sa Hady o Iaalay,hanggang sa umabot ang bilang nila ng Pito.At para bang ang isa ay hindi sumasang-ayon kay Aba Hamzah sa Tamattu` niya,kaya nakita niya ang taong sumisigaw na tinatawag siya sa panaginip "Hajji na tanggap at sarap na pabago-bago. Kaya pinuntahan niya si Ibnu `Abbas malugod si Allah sa kanilang dalawa-upang ibalita sa kanya ang magandang panaginip na ito.At dahil sa ang magandang panaginip ay bahagi mula sa mga bahagi ng Propesiya,kaya Natuwa si Ibn `Abbas-malugod si Allah sa kanilang- rito,At natuwa siya dahil sa Pinahintulutan siya ni Allah-Pagkataas taas Niya-sa tama, Sinabi niya: "Ang Allah ay Dakila,Ang pinakamalaki sa Sunnah ng Propeta -- pagpalain nawa siya ni Allah at pangalagaan."